# 4 mga bagay na dapat malaman tungkol sa pangkalusugang seguro

**1** Ang iba't ibang patakaran ng pangkalusugang seguro ay maaaring maghandog ng iba't ibang benepisyo, at ang ilan naman ay maaaring limitahan kung alinmang mga doktor, mga ospital, o iba pang tagapagkaloob ang puwede mong magamit.

**2** Maaaring kailanganin mong magbayad ng isang maiaawas sa bawat taon bago ang iyong plano ng seguro ay magsimulang magbayad ng pangangalaga mo. Halimbawa, sabihin na nating ang maiaawas sa iyo ay $200. Mayroon kang $1,250 na pagbisita sa emergency room. Magbabayad ka ng unang $200 para masakop ang mababawas (deductible). Kailangan mo ring bayaran ang parte mo para sa mga sakop na serbisyo.

**3** Maaaring kailanganin mong magbayad ng coinsurance o copayment kapag kumuha ka ng pag-aalagang medikal, tulad ng pagbisita sa doktor, pagbisita sa ospital bilang isang outpatient, o isang pagrereseta. Ang coinsurance kadalasan ay ang porsiyento ng halaga (halimbawa, 20% ng kabuuang gastos). Ang copayment kadalasan ay ang takdang halaga (halimbawa, $10 o $20 para sa isang reseta o pagbisita sa doktor).

**4** Ang mga plano sa pangkalusugang seguro ay nakikipagkontrata sa mga network ng mga ospital, mga doktor, mga botika at mga tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan. Batay sa uri ng patakaran na iyong nabili, maaaring bayaran lang ng iyong plano ang para sa iyong pag-aalaga kapag nakuha mo ito sa tagapagkaloob ng pag-aalaga sa network ng plano, o maaaring magbayad ka ng mas malaking bahagi ng singil.

## Health Insurance Marketplace

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka.

Bisitahin ang **CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/CMSNondiscriminationnotice** o tumawag sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

HealthCare.gov

CMS Product No. 11631-T (Tagalog) September 2023

This product was produced at U.S. taxpayer expense.

Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services.



# Ang Halaga ng Pangkalusugang Seguro

## Ang pangkalusugang seguro ay tumutulong bayaran ang mga gastos kapag kailangan mo ng pag-aalaga

Walang sinuman ang may planong magkasakit o masaktan, ngunit ang karamihan sa mga tao ay nangangailangan ng pag-aalagang medikal sa ibang pagkakataon. Ang pangkalusugang eguro ay tumutulong bayaran ang mga gastos na ito at pinoprotektahan ka mula sa napakalakaing gastusin.

## Ano ba ang pangkalusugang seguro?

Ang pangkalusugang seguro ay isang kontrata sa pagitan mo at ng isang kompanya ng seguro. Magpapatala ka sa isang plano, at sumasang-ayon ang kompanya na bayaran ang bahagi ng iyong gastusing medikal kapag nagkasakit ka o nasaktan.

Mayroong ibang importanteng mga benepisyo ng pangkalusugang seguro. Mga plano na maaari sa Health Insurance Marketplace® (at karamihan sa ibang mga plano) ay nagbibigay ng libreng pamigil na pangangalaga, tulad ng mga bakuna at pagpapatingin. Sinasaklawan nila ang ilang mga gastos para sa resetang mga droga.

## Ang pangkalusugang seguro ay tumutulong sa iyo na bayaran ang iyong pag-aalaga.

Alam mo ba ang karaniwang gastos ng isang 3-araw na pananatili sa ospital ay bandang $30,000? O ang pagsasaayos sa nabaling buto ng paa ay maaaring umabot sa $7,500? Ang pagkakaroon ng pangkalusugang seguro ay makakatulong na maprotektahan ka mula sa mga mataas, di-inaasahang gastos tulad ng mga ito.

Ang bawat plano ng seguro ay may buod ng mga benepisyo at pagsasaklaw na nagpapakita kung anong mga klase ng pangangalaga, paggamot, at mga serbisyo ang sinasaklawan nito. Kabilang dito ang kung magkano ang babayaran ng plano para sa pagkuha mo ng mga serbisyo.

## Ano ang binabayaran mo sa pangkalusugang seguro

Karaniwang magbabayad ka ng isang premyum bawat buwan para sa pangkalusugang saklaw, at maaaring kailanganin mong bayaran ang maiaawas bawat taon. Isang maiaawas ay ang halaga na binayaran mo para sa mga nasasaklawang serbisyo bago magsimulang magbayad ang iyong plano ng pangkalusugang seguro. Ang maiaawas ay maaring hindi ilapat sa lahat ng mga serbisyo.

## Kung magkano ang babayaran mo para sa iyong premyum at maiaawas ay nakabatay sa kung anong uri ng saklaw mayroon ka.

Importante rin na malaman gaano kalaki ang ibabayad mo kapag kumukuha ka ng serbisyo.

**Kasama sa mga halimbawa ang:**

- **Ang iyong mula-sa-bulsang gastos para sa mga serbisyo pagkatapos mong bayaran ang maiaawas (coinsurance o copayments)**
- **Ang kabuuang halaga na dapat mong bayaran kung magkakasakit ka o masaktan (pinakamataas na mula-sa-bulsa)**

Ang patakaran na may pinakamurang premyum ay maaaring hindi sinasaklaw ang maraming mga sebisyo at paggagamot.

Kung nawalan ka kamakailan ng saklaw sa kalusugan, maaari kang makakuha ng mababang halaga, de-kalidad na saklaw sa pamamagitan ng Marketplace. Bisitahin ang **HealthCare.gov/get-coverage** para malaman kung kwalipikado ka na makakuha ng saklaw ngayon.

## Paano pa ako magkaroon ng karagdagang kaalaman?

Para matuto pa tungkol sa coverage sa pamamagitan ng Marketplace o mga benepisyo mo at proteksiyon, pumunta sa **HealthCare.gov** o tawagan ang Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596.
Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.